

One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

SERBISYO SA MENSAHE SA ORAS NG KALAMIDAD

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～災害時の伝言サービスについて～

Kung sakali mang ang lindol ay umabot sa intensity 6 pataas, malamang na sa dami ng nais kumontak sa kanikanilang mga pamilya o kakilala upang alamin kung ligtas ang kanilang kalagayan o kondiyon ay magiging abala ang mga linya ng telepono at mahihirapang kumontak ang lahat sa nasalantaang lugar. Upang makaiwas sa ganitong situwasyon, ang NTT at 3 pang kompanya ng cellular phones (NTT Docomo Group, KDDI Group at Softbank) ay may laang serbisyo ukol sa mensahe sa telepono para sa oras ng mga disaster tulad ng Lindol Tokai.

Ang mga serbisyo ay ang mga sumusunod:

1. 「SAIGAI YOU DENGON DIAL (171)」 i-dial ang 171 sa telepono upang makapag-iwan ng mensahe sa pamamagitan ng telepono. Mayroong audio guidance na maririnig. Sundin lamang ang pamamaraang ituturo nito. Maaari kayong makapag-record ng mensahe o makinig ng mensahe para sa inyo.
2. 「SAIGAI YOU BROAD BAND DENGON BAN (WEB 171)」 Online message boards sa oras ng disaster. Web page na maaari kayong magrehistro ng inyong mensahe o magbrowse.
3. 「SAIGAI YOU DENGON BAN SERVICE 」 Sa oras ng disaster, maaari kayong magrehistro o magbrowse ng mga mensahe sa pamamagitan ng mga cellular phones o PHS.

Upang maging smooth ang paggamit ng naturang mga serbiyo ay kailangang alamin na rin muna natin ang mga telepono ng mga dapat nating tawagan sa oras ng mga kalamidad. Mas mainam rin na bago pa lamang magkaroon ng kalamidad ay magsanay na tayong gumamit ng mga laang serbisyo.

Ang mga sumusunod ay ang mga panahong maaari kayong magsanay sa pamamaraan sa pag-iiwan at pakikinig ng mga mensahe:

- Bawa't unang araw ng buwan
- Tuwing Enero 1-3, Enero 15-21 (Disaster Prevention and Volunteer Week)
- Agosto 30-Setyembre 5 (Disaster Prevention Week).

Access:

- SAIGAI YOU DENGON DIAL 171→ 171
- SAIGAI YOU BROAD BAND DENGON BAN (web 171)→ [<https://www.web171.jp>]
- SAIGAI YOU DENGON BAN SERVICE → 「SAIGAI YOU DENGON BAN」ng mga cellular phones.